Republika ng Pilipinas
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**
**Siyudad ng Maynila**

*********************

REGULAR NA PULONG BLG. 152

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*********************

**Nagsimula at ginanap sa Sangguniang Panlungsod noong Huwebes, ika-15 ng Agosto, Dalawang Libo Dalawampu't Apat**

# KAUTUSAN BLG. 9070

**ISANG KAUTUSANG** NAGPAPAHAYAG NA ANG IKA-4 NG AGOSTO NG BAWAT TAON AY ITURING BILANG "ARAW NI CARLOS YULO" SA LUNGSOD NG MAYNILA AT NAGBIBIGAY DIREKTIBA SA LAHAT NG MGA KAGAWARAN NG PAMAHALAANG LOKAL NA MAGSAGAWA NG MGA PROGRAMA BILANG PAGGUNITA SA UNANG MANILENYO NA NAKAPANALO NG DALAWANG GINTONG MEDALYA SA PARIS 2024 OLYMPIC GAMES

MGA PANGUNAHING MAY AKDA: **KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. BENNY FOG T. ABANTE III, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR., KGG. MACARIO M. LACSON, KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. ROMA PAULA S. ROBLES-DALUZ, KGG. LEILANI MARIE H. LACUNA, KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.**, Punong Mayorya, **KGG. RODOLFO N. LACSAMANA**, Pansamantalang Punong Mayorya at **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**, Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo

## TALA NG PAGPAPALIWANAG

Ang Agosto 4, 2024 ang eksaktong araw kung kailan lubos na binago ni Carlos Yulo ang kasaysayan ng lungsod at bansa sa pamamagitan ng pagiging kauna-unahang Pilipino na nakapag-uwi ng dalawang gintong medalya mula sa Paris 2024 Olympics. Layunin ng Ordinansang ito na ideklara ang ika-4 ng Agosto ng bawat taon bilang "Araw ni Carlos Yulo" bilang paggunita sa lahat ng kanyang lokal at pandaigdigang tagumpay para sa bansa. Siya ay nagsisilbing ilaw ng pag-asa at inspirasyon para sa mga Manileño, mga atleta at mga susunod na henerasyon. Ang araw na ito ay magsisilbing pagkakataon upang ipagdiwang at pagnilayan ang kanyang mga kontribusyon sa isports at sa kanyang mahusay na representasyon ng ating lungsod sa pandaigdigang entablado.

Si Carlos Edriel "Caloy" Poquiz Yulo ay kinikilala bilang nangungunang Pilipinong gymnast at pambansang atleta na isinilang noong ika-16 ng Pebrero 2000 sa Malate, Maynila. Siya ang unang Pilipino at Manlenyo na nanalo ng dalawang gintong medalya sa Paris 2024 Olympic Games. Ang kanyang tagumpay ay nagdulot ng karangalan at pagmamalaki sa Lungsod ng Maynila at sa bansa habang ipinapakita ang kahusayan, kababaang-loob, at wagas na pagmamahal sa Diyos at bayan. Bago ang kanyang tagumpay sa Paris 2024 Olympic Games, nagsimula si Carlos Yulo mula sa pagiging kinatawan ng National Capital Region sa Palarong Pambansa mula 2009 hanggang 2013, at tinapos ang kanyang stint sa nasabing kompetisyon sa pamamagitan ng pagkapanalo ng gintong medalya sa halos lahat ng kanyang mga event. Hindi lingid sa kaalaman ni Carlos Yulo at ng bansa na siya ay babansagang isa sa mga pinaka matagumpay na artistic gymnast sa mundo na nagkamit ng kabuuang 28 gintong medalya, 17 pilak na medalya, at 9 tansong medalya sa Olympic Games, World Championships, Asian Championships, FIG World Cup, at Southeast Asian Games.

Bago makilala si Carlos Yulo sa larangan ng gymnastics, siya ay humarap sa iba't ibang mga pagsubok bilang isang atleta. Ang kanyang hindi matatawarang determinasyon at dedikasyon sa larangan ng himnastiko ay naghatid sa kanya bilang kauna unahang Pilipino at Manilenyong nakapag-uwi ng dalawang gintong medalya sa Olympics. Bilang parangal sa kanyang natatanging kontribusyon at magsilbi bilang inspirasyon sa mga susunod na henerasyon, ang Ordinansang ito ay nagpapasinaya na italaga ang ika-4 ng Agosto kada taon bilang "Carlos Yulo Day". Ang araw na ito ay magsisilbing selebrasyon sa kanyang kasaysayan, kahusayan at pagkilala sa kanyang natatanging representasyon sa Lungsod ng Maynila sa buong dako ng mundo bilang isang atletang Pilipino.

Sa pagtala ng mga nabanggit, ang pagsasapasa ng Ordinansa na ito ay lubos na inaasahan.

**KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA**
Konsehal, Ika-anim na Distrito
Maynila

Kung kaya ngayon, ito ay ipinag-utos ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila, *NA*:

**SEKSYON 1. Pagpapahayag ng "Carlos Yulo Day".** – Ang ika-4 ng Agosto ng bawat taon ay idinedeklarang "Carlos Yulo Day" sa Lungsod ng Maynila.

**SEK. 2. Layunin.** – Si Carlos Yulo ay nagsisilbing halimbawa ng isang Manilenyo na atleta na nararapat kilalanin at gunitain dahil sa kanyang mahalagang mga tagumpay. Ang kanyang natamo ay nagpapakita ng mga pagpapahalaga ng kahusayan, dedikasyon, pagmamahal sa palakasan, bansa, at Diyos, na mga katangiang dapat matutunan ng bawat mamamayan ng lungsod.

**SEK. 3. Pagdiriwang.** – Ang Pamahalaang Lungsod ng Maynila, sa pamamagitan ng mga kaugnay na kagawaran at ahensya, ay magka-koordinasyon para sa pagdiriwang ng "Carlos Yulo Day". Kasama rito ang pag-oorganisa ng mga kaganapan, pagtitiyak ng partisipasyon ng publiko, at pagpapalaganap ng kahalagahan ng araw.

Sa "Carlos Yulo Day", ang Lungsod ng Maynila ay magsasagawa ng mga aktibidad na magtataguyod ng kaalaman tungkol sa mga tagumpay at kontribusyon ni Carlos Yulo. Kabilang sa mga aktibidad ang, ngunit hindi limitado sa:

a) Mga programang pang-edukasyon at seminar na nagtatampok sa buhay at mga tagumpay ni Carlos Yulo;

b) Mga pampublikong seremonya at kaganapan upang ipagdiwang at alalahanin ang kanyang mga kontribusyon;

c) Pamamahagi ng mga materyales pang-edukasyon at saklaw ng media na may kinalaman sa kanyang pamana.

**SEK. 4. Paglalaan ng Pondo.** – Ang halagang kinakailangan ay iaayon mula sa anumang hindi pa nailalaan na pondo sa Lungsod ng Maynila upang magamit para sa buong pagpapatupad ng Kautusang ito.

**SEK. 5. Sugnay na Nagpapahiwalay.** – Kung ang alinmang parte o probisyon ng ordinansa na ito ay makitaan o idineklarang hindi wasto o labag sa konstitusyon ng Pilipinas, ang ibang probisyon na hindi apektado ay sa gayong mananatili nang buong puwersa at epekto.

**SEK. 6. Sugnay na Pagpapawalang Bisa.** – Anumang kautusan, mga alituntunin at regulasyon na nakakaapekto o hindi naaayon sa kautusang ito, ay ipinawawalang bisa o marapat lamang baguhin nang naaayon sa Kautusang ito.

**SEK. 7. Sugnay ng Pag-iiral.** – Ang Kautusang ito ay magkakabisa agad matapos ang pag-apruba dito.

Ang Kautusang ito ay naisabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila noong ika-15 ng Agosto 2024.

PINANGUNAHAN NI:

**JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

PINATUNAYAN NI:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

INAPRUBAHAN NG KAGALANG-GALANG NA PUNONG LUNGSOD, SA ARAW NG AUG 15 2024.

**MARIA SHEILAH "Honey" H. LACUNA-PANGAN, MD, FPDS**
Punong Lungsod
Lungsod ng Maynila

NAGPATUNAY:

**ATTY. MARLON M. LACSON**
Kalihim ng Punong Lungsod

JMG/RRB: acl/jok/cpf/hpr/jrp